The City of SAN DIEGO

WELCOMING SAN DIEGO

Mga Mapagkukunan Hinggil sa COVID-19 para sa mga Bagong San Diegan

Alamin ang Tungkol sa COVID-19

Para sa impormasyon tungkol sa novel Coronavirus (COVID-19), mangyaring gamitin ang mga sumusunod na tools at mapagkukunan:

- Bisitahin ang website ng Lungsod ng San Diego para sa impormasyon sa buong lungsod sandiego.gov/coronavirus.
- Bisitahin ang website ng County ng San Diego hinggil sa COVID-19 para sa mga makakatulong na tools at mapagkukunan.
- Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa COVID-19 at mga mapagkukunan sa komunidad, tawagan ang 211 o bisitahin ang 211SanDiego.org.
- I-text ang **COSD COVID19** sa **468-311** upang makatanggap ng mga update mula sa County ng San Diego.

Testing
Para sa impormasyon tungkol sa dyagnostik na testing para sa Coronavirus, kabilang ang tulong sa paghahanap ng testing center na malapit sa iyo, mangyaring bisitahin ang website ng County ng San Diego at ang interaktibong map tool.

Iniaatas ang mga Pantakip sa Mukha sa mga Pampublikong Espasyo
Mula pa noong Hunyo 18, dapat magsuot ang mga Californian ng mga pantakip sa mukha sa mga karaniwang pinupuntahan at mga pampublikong panloob na espasyo at sa labasan kapag hindi posible ang pagdidistansya. Dagdagan ang kaalaman tungkol sa gabay ng County ng San Diego tungkol sa mga pantakip sa mukha sa pamamagitan ng pag-click dito.

Impormasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan

Pag-enrol sa Covered California at Medi-Cal
May espesyal na panahon para sa pag-enrol ang Covered California para sa mga indibidwal na nawalan ng health insurance coverage (saklaw na segurong pangkalusugan) bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Ang mga imigrante, anuman ang katayuan, ay maaaring maging karapat-dapat para sa pang-emerhensyang coverage ng Medi-Cal. Upang makahanap ng mga mapagkukunan para sa kalusugan at impormasyon hinggil sa mga serbisyo sa pag-enrol, tawagan ang 211 o bisitahin ang link na ito.

Sagutin ng Gobyerno
Noong Hulyo 29, 2020, hinadlangan ng pederal na hukom ang administrasyon sa pagpapatupad ng Public Charge Rule (Patakaran sa Pagiging Sagutin ng Gobyerno sa panahon ng pandemyang COVID-19. Bago iyon, inanunsyo ng USCIS na hindi isasaalang-alang ng ahensya ang anumang "testing, paggagamot, maging ang pangangalaga upang makaiwas (kabilang ang mga bakuna, kung mayroong bakuna) na nauugnay sa COVID-19 sa pagpapasya hinggil sa pagiging sagutin ng gobyerno, kahit na kung ang naturang paggagamot ay ipinagkakaloob o binabayaran ng isa o higit pang mga benepisyo sa gobyerno".

Mga Mapagkukunan para sa Pabahay at Pagkawala ng Tirahan

Ang Moratoryo ng Lungsod ng San Diego hinggil sa Pagpapaalis ng Tirahan o Negosyo
Upang maiwasan ang mawalan ng tirahan, mapanatili ang pampublikong kalusugan, at maghatid ng katatagan sa pabahay at negosyo sa panahon ng pandemyang COVID-19, ipinatupad ng Lungsod ng San Diego ang moratoryo sa pagpapaalis na nagkakaloob ng ginhawa sa mga residensyal at pangkomersyong nangungupahan na nakakaranas ng kahirapang nauugnay sa COVID-19. Pansamantalang pinahihinto ng pang-emerhensyang batas ang mga pagpapaalis sa Lungsod ng San Diego mula Marso 25 - Setyembre 30, 2020. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahing ang website na ito.

Komisyon sa Pabahay ng San Diego
Para sa mga karagdagang mapagkukunan para sa pabahay, bisitahin ang webpage hinggil sa COVID-19 ng Komisyon sa Pabahay ng San Diego.

211
Para sa mga mapagkukunan hinggil sa pabahay, mga shelter (pansamantalang masisilungan), at iba pang mga serbisyong wrap-around (naghahandog ng serbisyo sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay), ang mga indibidwal na nakakaranas ng pagkawala ng tirahan ay maaaring tumawag sa 211 o sumangguni sa online portal sa pamamagitan ng pagbisita sa 211SanDiego.org.

Pinansyal na Tulong	Tulong sa Pagkain
San Diego Immigrant Rights Consortium (SDIRC) Immigrant Relief Fund Ang SDIRC Immigrant Relief Fund (Pondong Tulong para sa Imigrante) ay nagkakaloob ng mga gawad na hanggang $500 sa mga imigrante sa County ng San Diego na nawalan ng lahat o bahagi ng kanilang kita dahil sa pandemyang coronavirus. Para sa higit pang impormasyon at upang mag-apply, bisitahin ang website ng SDIRC dito.	**Feeding San Diego** 858-452-3663 | info@feedingsandiego.org **Jewish Family Services** Hand Up Food Pantry & Corner Market 858-637-3210 **San Diego Food Bank** 1-866-350-FOOD (3663)
Tulong sa Legal	**Impormasyon sa Maliit na Negosyo**
Legal Aid Society of San Diego 877-534-2524 **Catholic Charities** 619 287-1270 **International Rescue Committee (IRC) San Diego** 619-641-7510 ext. 250 | Immigration.SD@rescue.org **Jewish Family Services** 858-637-3210 **University of San Diego (USD) School of Law** 619-260-7470 | jdinfo@sandiego.edu	**Tulong na Gawad sa Maliit na Negosyo** Inihahandog ang programang ito ng County ng San Diego para sa maliliit na negosyong naghahanap ng tulong. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng County. **Pansamantalang Permit sa Panlabas na Negosyo** Lumikha ang Lungsod ng San Diego ng pansamantalang programa upang pahintulutan ang mga pang-retail na establisimyento at mga establisimyento sa pagkain at inumin na magpatakbo sa labas na katabi ng kanilang negosyo kabilang ang paradahan sa kalye, mga bangketa at mga pribadong paradahan ng sasakyan. Naaangkop din ito sa mga personal na serbisyo, kabilang ang mga hair at nail salon, pati na rin ang mga gym, studio sa pagtuturo at mga pagtitipon para sa relihiyon. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang site dito.
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip	**Impormasyon sa Paaralan**
Bisitahin ang website ng County ng San Diego para sa mga mapagkukunan hinggil sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa panahon ng pandemyang COVID-19. **NAMI San Diego Helpline** Ang NAMI San Diego Helpline (619-543-1434) ay bukas para sa mga tawag, at may mga boluntaryong staff na may kasanayan at mga Peer/Family Support Specialist na maaaring magkaloob ng suporta, tulong, at mga koneksyon sa mga mapagkukunan. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang website ng helpline.	**San Diego County Office of Education** Para sa pinakabagong balita hinggil sa mga iskedyul at mapagkukunan sa paaralan para sa mga magulang, mangyaring bisitahin ang website ng San Diego County Office of Education (SDCOE, Tanggapan para sa Edukasyon ng County ng San Diego) o sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang portal para sa mapagkukunan para sa magulang. Maaari ring makipag-ugnay sa SDCOE sa pamamagitan ng telepono sa 858-292-3500.